

## Elektronikong kagamitang linangan sa integratibo tungo sa kasanayan (E-KLIK) sa malikhaing pagsulat sa Filipino

Varona, Fe A. ✉

Cebu Technological University, Philippines ([varona8421@gmail.com](mailto:varona8421@gmail.com))

Mandado, Juliet O.

Cebu Technological University, Philippines ([mandadojul32@gmail.com](mailto:mandadojul32@gmail.com))



ISSN: 2243-7703  
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 13 March 2022

Revised: 16 March 2022

Accepted: 18 March 2022

Available Online: 18 March 2022

DOI: 10.5861/ijrse.2022.186

### Abstract

One of the issues of the emergence of technological revolution during this pandemic is that it seeks to study teaching-learning for the writing process. Having a joint force of teacher and students is ideal for communicative relationships whether online or offline mode. The importance of the integration of multimedia equipment for language use, critical thinking, and writing which tackles the various aspects of life based on the student's needs can certainly be seen. The use of E-KLIK as Elektronikong Kagamitang Linangan Tungo sa Kasanayan as an instructional method of the teacher that focuses on student learning and the integration of creative writing skills. The teaching method according to Gacelo (2012) is about the Improved Instructional Practices that focuses on students as the center of learning and identify a need that is conducive to the development of mental, social, and emotional aspect. A quantitative-qualitative design was conducted in order to analyze the experiences and skills of the students writing capability. With the use of the available gadgets and electronic equipment as part of the process and tool in writing; it aims to identify the level of proficiency of students pre/post result in creative writing in using electronic equipment as a tool? And the overall teaching and learning experiences of students with the integration of electronic equipment and multimedia as methods can be categorized? It is learned from the study that the students have improved in the post writing skills after having the integration of the available electronic equipment and multimedia in the teaching and learning process and infer that it helped to have more ideas in writing by doing some practices and browsing samples from the internet to facilitate knowledge and additional information so as to effectively understand the tasks and be prepared to engage in the given tasks. It is also the desire of the researcher to ascertain the knowledge and emotions of the students with its use in writing skills.

**Keywords:** integration of E-KLIK, teaching-learning, experiences and ability, pre/post writing skills

## **Elektronikong kagamitang linangan sa integratibo tungo sa kasanayan (E-KLIK) sa malikhaing pagsulat sa Filipino**

### **1. Introduction**

Ang pagkapatok at pagkahilig ng mga kabataan sa iba't ibang mga elektronikong kagamitan ay nagpapahiwatig at naghahatid ng mga makabuluhan na kung tawagin ay *technology-enhanced opportunities* na maaaring malinang ang akademikong kaalaman at kakayahan na magagamit para sa prosesong pagtuturo at pagkatuto. Ayon pa kay Ozmen, 2011 na mahalaga ang isang biswal na pagpapakita ng ugnayan ng pangunahin at mga pantulong na kaisipan o ideya sa pamamagitan ng mga hugis at linya.

Ang integratibong pagtuturo sa tulong ng makabagong teknolohiya na nakasanayan na rin ng mga estudyante na maituturing rin na bahagi na ng pag-araw-araw na gawain ang teknolohiya. Ang pagkakaroon ng interes ng mga estudyante sa onlayn na makikita ang pagkakaiba nito sa normal o *Face-to-Face* na klase sapagkat mas malawak ang naibibigay na patnubay ng guro sa pagtuturo at pagkatuto sa klase.

Ayon kay Rotas, 2020 upang tumugon sa hamon ng pagbabago ng mga mekanismo ng paghahatid ng edukasyon sa mas mataas na edukasyon, ang mga kolehiyo at unibersidad sa buong mundo ay nakipagsapalaran sa iba't ibang mga kasanayan tulad ng *distance education, online na pagtuturo, remote learning, blended learning, at mobile learning*. Lalo na ngayon sa panahon ng pandemya, ang teknolohiya ay napaimportante (Ching & Roberts, 2020). Subalit kahit noong wala pang pandemya ang pagamit ng teknolohiya ay makikita sa iba't ibang klaseng pagtuturo (Azarias, 2022; Espinosa & Mangali, 2021; Wang & Ching, 2013; Ching, 2012).

Mapapansin din naman na ang mga klase na nasa modyular sa kabila ng may mga gabay ng guro sa mga gawain ng mga mag-aaral ay hindi binibigyan ng masusing pagsagot sa mga katanungan sa modyul at hindi isinaalang-alang ang tamang proseso ng mga gawaing pagsulat. Isang kasanayan sa pagsulat na kakayahang pangkomunikatibo ng mga estudyante na siyang pinakapangunahing tunguhin at kalalabasan sa pagtuturo ng Filipino. Ganito rin ang pag-aaral ni Marbella at Madre (2021) mapupuna ang suliraning ito na maraming balakid sa pag-aaral ng mga estudyante tulad ng maraming mga gawaing bahay, walang sapat na oras, ang ilan nagtatrabaho, kulang sa mga halimbawa at higit sa lahat walang gumagabay sa kanilang modyul.

Ang pag-usbong ng rebolusyon sa teknolohiya ay maaaring maisakatuparan nang lubusan ang pag-aaral na ito para sa pagtuturo. Sa pagkakaroon ng pagsasanib-pwersa ng kalakasan ng guro at mga estudyante ay mainam para sa makabuluhang relasyong pangkomunikasyon *online o offline* man. Tiyak na makikita ang kahalagahan ng integrasyon ng multimidyang kagamitan para sa paggamit ng wika, kritikal na pag-iisip at integrasyon tungo sa iba't ibang aspeto ng buhay upang maaaring mailapat ito base sa pangangailangan. Natuklasan sa pag-aaral ni Kovalan, 2017 na ang pinagsamang teknolohiya para sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat ay epektibo tungo sa malawakang kasanayang pangwika ng mga estudyante.

Sa pag-aaral na isinagawa (Ishak, N. at Idrus, S., et al, 2021) nasilayan na isang suliranin ang pag-aakses sa internet upang magbigay ng kalidad at matatag na *throughput at bandwidth access* at maliban pa ay ang kahirapan ng buhay upang makabayad sa data o pang load. Madalas at mangilan-ngilan din sa klase ang nakitaan ng kawalan ng interes at agarang pagsusumite ng mga takdang gawaing pasulat. Isang panibagong hamon sa larangan ng pagtuturo ang kinakaharap na pag-usbong ng pandemya sa kasalukuyan kalagayan ng panahon. Ilan sa mga plano at kaparaaan sa pagtuturo at pagkatuto ay upang maiangkop sa bagong panahon tulad ng iba't ibang modality gaya ng *Online class*, Modyular at ibang pamaraan sa pagtuturo na ang pinakatuon ay pansariling pagkatuto.

Ang ilan sa mga nabanggit ang siyang nakapagbigay pasya sa mananaliksik na gawin ang pag-aaral upang magkaroon ng isang detalyadong gawain na makatutulong sa pergormans ng mga estudyante sa klase lalo sa

panahon ng pandemya. Samakatuwid, ang teknolohiyang edukasyunal ay lahat ng imbentong edukasyunal, luma at bago upang makuntento sa pangangailangan na para lang matuto. Natuklasan nina Seo, K., Templeton, R. & Pellegrino, D. (2009) na nakapagdudulot ng pagkaproduktibo ang multimedia upang magkaroon ng mga pagkakataon upang makabuo ng mga pagpapakita ng tunay na kaalamang natamo sa klase. Ipinakita ng mga kamakailang pag-aaral na ang matagumpay na pagpapatupad ng mga teknolohiyang pang-edukasyon ay higit na nakasalalay sa mga saloobin ng mga tagapagturo, na kalaunan ay tumutukoy kung paano ginagamit ang mga ito sa silid-aralan, (Kovalan 2020). Pagkatapos na makapagpokus ng mga guro sa paggamit ng iba't ibang pamaraan at kagamitan sa pagtuturo ay masasabi na ang paggamit at pagsasama ng teknolohiya sa mga serye ng mga pag-aaral maaaring makapag-aangat sa pagkatuto ng mga estudyante. Nakaangkla ang pag-aaral na ito sa teorya ni Edgar Dale ang "Cone of Experience" na tumutukoy sa isang modelong ginamit sa pagsusuri ng iba't ibang teorya na may kaugnayan sa mga pamamaraan ng pag-aaral at disenyo ng pagtuturo.

Ang mga nakikitang suliranin gaya ng, nakaaantok at nakawawala ng interes na mga paksa para sa mga estudyante sa pakikinig at pagbabasa sa ilang mga akdang ay maaaring mabago. Pag-aralan ang bisa ng malikhaing pagsulat sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng paksa at paggamit ng teknolohiya sa kompyuter. Isa na rito ang tinatawag na **Elektronikong Kagamitang Linangan sa Integratibo tungo sa Kasanayan o E-KLIK** malaki ang hangarin ng mananaliksik na sa pamamagitan ng paggamit ng integratibong pagtuturo sa klase ay may malaking impak sa mga estudyante ang paggamit ng internet o mula sa elektronikong gawain lalo na ngayon ay nasa modyular online/offline ang pag-aaral.

Sa tulong ng makabagong teknolohiya bilang gamit sa pagtuturo sa loob ng silid-aralan ay tumataas ang interes ng mga estudyante at napupukaw ang kanilang interes. Ang E-KLIK ay isang pamaraan sa pagtuturo na nakapokus sa pagkatuto sa mga estudyante at ang integrasyon iba't ibang kasanayan. Ang pamamaraan sa pagtuturo ayon kay Gacelo (2012) ay ang tungkol sa *Improved Instructional Practices* na pamamaraan ng pagtuturo na nakatuon sa mga estudyante bilang sentro ng pag-aaral kailangang matukoy ang pangangailangang nakatutulong sa pag-unlad ng pangkaisipan, pakikisalamuha at pandamdamin.

Kaya sa pag-aaral na ito ay nabuo ang sumusunod na layunin: una; upang malaman ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya sa kompyuter, at upang suriin ang mga kasanayan sa pagsulat sa pamamagitan ng teknolohiya sa paksa. Sa kabuuan ng obserbasyon ng mananaliksik, sa kabila ng kakayahan ng mga estudyante ay mahalaga pa rin ang mga kagamitan, estratehiya at mga gawaing makapagpapadali at makatutulong makapukaw sa interes at sigla ng mga estudyante upang maisakatuparan ang mga gawaing pangklasrum na siya na ring hangad ng pananaliksik na ito. Magiging daan upang magkaroon ng isang kagamitan sa pagtuturo ng Masining na Pagpapahayag na naglalaman ng mga gawaing pangkomunikatibo na makapagpapaunlad para sa prosesong pagtuturo at pagkatuto na naaayon sa interes ng mga estudyante at kasalukuyan paglalapat ng mga multimidyang kagamitan sa pagtuturo.

## 2. Pamamaraan

Ginamit sa pagpapakahulugan ng mga datos na nakalap ang kwalitatibong at kwantitatibong pamamaraan upang masuri at mabigyang ng kabuuang impresyon batay sa inilatag na mga katanugnan sa pananaliksik na ito. Ang mga naturang datos na nalikom mula sa mga respondente na ginamit sa pag-aaral na ito at ginamit rin ang deskriptibong paglalarawan. Sinuri naman ang mga tugon ng mga estudyante batay sa saloobin mula sa isinaayos, ginawa at binagong tseklist mula sa modelo na nilikha sa aklat ni Garo (2008) upang maiangkop ito batay sa inaasahang makakalap na mga datos mula sa instrumento. Ang mga ito ay ang sumusunod: Ito ay binubuo ng sampung (10) mga pahayag na may layuning alamin ang saloobin ng mga estudyante sa paggamit ng integratibong elektronikong kagamitang linangan sa pagtuturo ng Filipino. Ang interpretasyon ng bawat antas sa berbal na paglalarawan ay ginamit ang Nominal na sukatan na 5 - lubos na sang-ayon, 4 - sang-ayon, 3 - katamtamang sang-ayon, 2 - di sang-ayon, at 1- lubos na di sang-ayon.

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay nasa bilang pitumpu't pito (77) na mga estudyanteng nasa antas

kolehiyo. Isinaalang-alang ang etikal na konsiderasyon sa pananaliksik na ito bilang paggamit ng mga estudyanteng pinagtuturuan ng mismong mananaliksik. Ipinaalam sa mga estudyante ang isinagawang pagganap at pagkuha ng datos at pagsasarbey sa pagsagot sa *google form*. Binigyan ng katiyakan ang mga estudyante na magiging lihim at pribado ang kanilang mga katugunan at ligtas ang kanilang mga identidad.

Ang paglikom ng datos ay isinagawa sa paraang pagsisimula sa pamamaraang pagtatalakay, pagbibigay ng mga paksa mula sa guro mismo, pagsasagawa sa iniatas na pagsasanay at pagtataya upang masukat ang layuning inaasahang matamo ng guro sa paksa.

Isinagawa ang mga paglikha ng mga gawaing pasulat gaya ng pagsulat ng sanaysay, tula at dagli. Ibinigay naman ang mga gawain pasulat upang magsilbing *pre-test* ng mga respondente na binigyan ng pagwawasto batay sa inihandang rubrik ng guro. Pagkaraan ng pagsusumite ng kanilang gawain sa *pre-test* sa pagsulat ng komposisyon, sinimulan naman ng gurong mananaliksik ang pagtalakay nang halos magkatulad na mga paksa at mga inaasahang layunin na natamo sa klase na tumalakay sa sanaysay, tula at dagli. Pagkatapos ng pagtalakay ay sinimulan ng guro ang paglalapat ng elektronikong integratibong kagamitang linangan. Hinayaan lamang ang mga estudyante na pumili ng kanilang elektronikong kagamitan na upang maipakita awtentikong awtput at pansariling paggawa. Isinaalang-alang ng guro ang mga gawaing pagtatalakay, mga pagsasanay at mga pagtataya na may paggamit at paglalapat ng elektronikong kagamitang linangan na ang mga estudyante mismo ang nagsasagawa ng pagsusulat, pananaliksik at pagbabasa mula sa internet bilang karagdagang kaalaman sa pagkuha ng impormasyon at nakabuo ng mga gawaing pasulat mula sa inihandang rubrik ng guro.

Pagkatapos ay nilikom at isinaayos isa-isa ang mga datos na kakailanganin sa pagsusuring gagawin. Dito sinimulan ang prosesong istatistikal, pagpapakahulugan at interpretasyon upang patunayan at patotohanan ang kinalabasan ng ginawang pananaliksik. Ginamit ang pagsusuring istatistikal para sa maayos na paglalahad sa sumusunod na katanungan;

- Anong antas sa kahusayan ang kakayahan ng mga estudyante sa pre/post ng malikhaing pasulat sa pagtuturo gamit ang elektronikong kagamitan?
- Ano-ano ang kabuuang karanasan sa pagtuturo at pagkatuto ng mga estudyante sa paggamit ng integratibong elektronikong linangan ang maikategorya?

### **3. Resulta at pagtalakay**

Ang kasanayang pasulat ay isa mga gawaing pangkomunikatibo na nagangailangan ng paghahanda at kasanayan sa paglalahad ng mga detalye. Kwantitatibo at kwalitatibo ang ginamit na pamaraan ng pananaliksisk na ito sa pagkalap ng mga antas ng kakayahang pasulat at saloobin ng mga estudyante sa paggamit ng elektronikong kagamitang linangan sa integratibo tungo sa kasanayan o e-klik. Deskriptibong pamamaraan naman ang ginamit upang mabigyan ng pagpapakahulugan ang mga kabuuang datos na nalikom mula sa tagatugon.

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng antas ng kakayahang pangkomunikatibo sa pasulat ng mga estudyante bago at pagkatapos ng pagtuturo sa na nilapatan ng elektronikong kagamitang linangan sa integratibo tungo sa kasanayan o eklik.

#### *3.1 Kakayahan sa Filipino sa Kasanayang Pasulat ng mga Estudyante sa E-Klik*

Makikita sa Talahanayan 1 kakayahang pangkomunikatibo ng mga estudyante sa pamamagitan ng *pre-test* at *post-test* ay sinuri upang mailahad ang interpretasyon batay sa naging resulta ng pagtutuos.

Ang kasanayang pasulat ay isa sa mga gawaing pangkomunikatibo na nagangailangan ng paghahanda at kasanayan sa paglalahad ng mga detalye.

Nagpapakita ang datos na pasulat na kakayahan sa kategoryang komposisyon at mga gawaing nagkapagbibigay ng pagkakataon upang makapagpahayag ng kaisipan, saloobin at kaalaman na angkop sa gawain at realidad ng buhay. Nagpapakita ang datos na pasulat na kakayahan sa kategoryang komposisyon at mga gawaing nagkapagbibigay ng pagkakataon upang makapagpahayag ng kaisipan, saloobin at kaalaman na angkop sa gawain at realidad ng buhay. Batay sa datos ng antas pasulat na may deskripsiyon ay naging mahusay.

### Talahanayan 3.1

*Kakayahan sa Kanayang Pasulat sa Filipino ng mga Estudyante sa E-KLIK na Pangkat*

Kasanayan	Pagsusulit	Mean	SD	Deskripsiyon
Pasulat	Pre	16.81	2.42	Katamtamang Husay
	Post	18.86	2.55	Mahusay

Batay pa kay Charness (2016), na ang *Technology Assistance Model* ay nahinuhang may kadalian ng paggamit at kapaki-pakinabang. Nagpapahiwatig lamang na sa panig na rin ng mga tagapagtuto magmumula ang motibasyon upang magkaroon ng kawilihan at interes na matuto gamit ang elektronikong kagamitan. Gayunpaman, sa pag-aaral na isinagawa ni Rafat (2020), nakumpirma na nakapag-ambag sa pagdidisenyo ng isang epektibong *multimedia based* na pagtuturo para sa isang *mobile-assisted tool* na nagkapagpaangat ng gawing pangganyak ng mga estudyante na nakapagpabuti ng pagkatutong pagganap ng mga estudyante. Samakatuwid, masasabing naging tulay tungo sa pagpapabuti ng pagkatuto at paggnap sa pasulat ang paghahanda ng guro, motibasyon at kagamitang angkop sa paksa at layuning matatamo.

Bilang karagdagan, sa pagkakaroon ng pag-unlad sa kasanayang tinasa sa mga estudyante na nakatulong sa pangkat ang e-klik upang magkaroon ng karagdagang ideya sa pagsasanay sa pasulat. Nakapagbigay ng pagkakataon sa kanila upang maengganyong mag-aral at madaliang matandaan ang mga araling nakikita at naririnig mula sa paggamit ng mga e-klik sa pagtuturo.

Maidaragdag pa ang naging pahayag ni Kumar (2016) sa pagtuturong *process approach* maaaring higit pang mapahusay kung ito ay naisaayos at naiayon ayon sa mga pangangailangan ng panahong dihital. Sa pasulat, ang *process approach* ay itinuturing na mainam na pamamaraan sa pagtuturo ng pagpapahusay ng pasulat na kasanayan. Sa ganitong dulog ay nabibigyan ng pagkakataon upang maranasan ng mga estudyante na masunod at maisagawa ang mga prosesong kinakailangan sa wastong pamamaraan sa pasulat upang sa gayon ay maisakatuparan ang planong pagtuturo at pagkatuto ng kasanayang pasulat. Sa tulong ng elektronikong kagamitan ay magkasabay na naihananay ng guro ang mga paksa at mga gawain nararapat na maisumite. Kusang nagagawa ng mga estudyante ang mailapat ang kanilang sulatin sa pamamagitan ng kanilang mga elektronikong kagamitan at pangangalap ng mga ideya mula sa internet. Naipagpalagay sa isinagawang pag-aaral ni Mulasari (2010) na ang internet bilang kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto ng pasulat ay isang matagumpay na pagkakataon sa kabila ng mga hadlang sa pangangalap sa internet ng mga impormasyon ay naging positibo naman ang ito sa panig ng guro at mga estudyante upang makabuo ng sulating naayon sa kanilang kaalaman at impormasyong hango mula sa paggamit ng elektronikong kagamitan.

### 3.2 Buod ng Karanasan ng mga Estudyante

Ang papel na ito ay ginabayan ng layunin nitong ilarawan ang karanasan ng mga estudyante sa pag-aaral. Sa bahaging ito, ilalahad ang buod ng karanasan ng mga estudyante para sa pagkatuto ng pasulat na kasanayan sa komunikatibong pagkatuto sa unibersidad sa gitna ng pandemya.

Matutunghayan sa Talahanayan 2 ang naging karanasan ng mga estudyante na kasangkot sa pananaliksik na ito. Ipinakikita ang naging resulta ng karansan ng mga estudyante sa paggamit ng makabagong kagamitan sa pagtuturo ng pasulat na gawain.

**Talahanayan 3.2***Buod ng Karanasan ng mga Estudyante sa Paggamit ng E-Klik*

#	<i>Mga Karanasan</i>	<i>Weighted</i>	
		<i>Mean</i>	<i>Interpretasyon</i>
1	Natalakay nang maayos ang konsepto ng pasulat gamit ang <i>Google Meet</i>	4.47	Lubos na Sang-ayon
2	Nalinaw ng guro ang kabuang gawain sa grapikong paglalarawan	4.49	Lubos na Sang-ayon
3	Nahamon ang aking kakayahan sa paggamit ng <i>multimedia</i>	4.58	Lubos na Sang-ayon
4	Naipakita ng maayos ang mga panuto sa paglikha ng gawaing pasulat	4.51	Lubos na Sang-ayon
5	Nauugnay ang paggamit ng <i>multimedia</i> sa paksa sitwasyon at buhay	4.53	Lubos na Sang-ayon
6	Nakumbinsi ako na gamitin at magtanong sa gawaing inilahad	4.4	Lubos na Sang-ayon
7	Nakilahok ako sa mga gawain at talakayan <i>online/offline</i>	4.51	Lubos na Sang-ayon
8	Nakalikha ako ng mga gawaing pasulat gamit ang <i>Google classroom</i>	4.44	Lubos na Sang-ayon
9	Nakapagdulot ng mabuting karanasan ang mga kaalaman sa mga gawaing <i>online/offline</i>	4.58	Lubos na Sang-ayon
10	Nakapagdulot ng kawalan sa pag-access sa mga informasyong <i>online/offline</i> ang kahinaan sa koneksyon sa internet	4.56	Lubos na Sang-ayon
Aggregate Weighted Mean		4.51	Lubos na Sang-ayon

**Leyenda:** 4.20 - 5.00 Lubos na Sang-ayon; 3.40 - 4.19 Sang-ayon; 2.60 - 3.39 Katamtamang Sang-ayon; 1.80 - 2.59 Di-Sang-ayon; 1.00-1.79 Lubos na Di Sang-ayon

Masisilayan sa mga tugon sa inilatag na mga pahayag sa mga karanasan ay nasa Lubos na Sang-ayon. Ang kinalabasan ng pagsusuri na ito ay pinatutunayan ng pahayag ng ilang mga mag-aaral na positibo ang hatid at dulot ng pagkatuto at pagtuturo na inihanda ng gurong mananaliksik.

Masasabing ang mga estudyante ay lubos na nagkaroon ng ibayong sikap upang makapagpahayag sa patalumpati sa mga paksang nagkaroon sila ng kaalaman sa paksa, paghahanda at higit sa lahat ay ang magaan na oras na inilaan upang makapagpahayag.

Sa kabuuan, ang mga mag-aaral ay may kabuuang weighted mean na 4.51 na may deskripsiyong Lubos na Sang-ayon na tugon. Ang pagkagiliw at pagkakaroon ng interes na matuto, at maranasan ang gawain na nais ipasagawa ng gurong mananaliksik ay isang hamon at pagkakataon sa mga mag-aaral.

Naikategorya ito sa mga sumusunod na pahayag; ang **Danas** sa pag-aaral gamit ang iba't ibang makabagong teknolhiya sa pagtuturo ay nagpapabago sa pananaw ng pagkatuto ng mga estudyante at tiyak ang kanilang kasapatan sa paksa. Inilatag sa isang pag-aaral ang naunang pag-aaral ay nag-ulat na ang *online o blending learning style* ng pagtuturo ay nag-aalok ng maraming kalamangan sa tradisyonal na istilo ng pagtuturo sa silid-aralan (Saeed, A. & Al-Emran, M., 2018).

Nakitaan mula sa resulta ng pag-aaral na **Lubos na Sang-ayon** ang mga estudyante sa pagkatuto gamit ang Elektronikong Kagamitang Linangan sa Integratibo tungo sa Kasanayan o E-KLIK ayon sa mga sumusunod; “nakapagdulot ng mabuting karanasan ang mga kaalaman sa mga gawaing *online/offline*”, “nahamon ang aking kakayahan sa paggamit ng *multimedia*” ipinapakita na ang ito ay kahandaan sa pagtamo sa gawaing pasulat. Tinasa sa pag-aaral na ito ang karanasan ng mga estudyante sa tersyarya bilang datos. Ang resulta sa pag-aaral

nina Perante (2021) napagpasyahan ng mga resulta na ang pinaghalo na paraan ng pag-aaral ay kapaki-pakinabang ang epekto sa mga mag-aaral na marunong mag-*computer*, at karamihan sa kanila ay marunong gumamit ng teknolohiya.

Sa pag-aaral nina Aladwan at Fakhouri (2018) na ang mga mag-aaral ay may positibong saloobin sa pagkatutong Blended at ipinahiwatig na ito ay kapaki-pakinabang at naging mahusay ang mga estudyante na mas nakakahanap ng mahusay kaysa sa tradisyonal na pamamaraan pagdating sa pagpapabuti ng kanilang kaalaman at kasanayan at kanilang kakayahang upang tanggapin ang responsibilidad para sa sariling pagkatuto. Ang ikalawang kategorya ay ang **Internet connection** ayon sa mga *Challenges of Blended Learning Models* (2015) na mula sa pag-aaral nina Perante, L. et al. 2021, ang *blended learning* ay nangangailangan ng paggamit ng *computer, tablet, o laptop* na nangangailangan ng may kalakasan sa *internet connectivity*. Mula sa karanasan ng mga estudyante ay nakakuha ng Lubos na Sang-ayon na ang “kawalan sa pag-aaccess sa mga informasyong *online/offline* ay nagdudulot ng hindi sa pagtupad ng gawain. Isa ito sa mga karanasan na nahihirapan sa pagtupad sa gawaing *online/offline* na pagtuturo. Isang halimbawa rin ang pag-aaral ni Bouilheres et al. (2020), na nakatuon sa pagtatasa ng pagiging kapaki-pakinabang at bisa ng pinaghalong pag-aaral sa pagtataguyod ng mga pakikipag-ugnayan sa mga estudyante at kanilang mga kasamahan, kanilang mga guro, at mga materyales sa kurso na magagamit sa pag-aaral at ang huli ay **paggamit ng ilustrasyon at kasanayan** sa isang ideya ni Stern, J. (2020) ng pinakamababang kinakailangan para sa mga estudyante na lumahok sa isang *online* na kurso ay ang *pag-access* sa *computer*, Internet, at ang pagganyak na magtagumpay sa isang hindi tradisyonal na silid-aralan. Ang mga online na kurso ay nagbibigay ng isang mahusay na paghahatid ng kaalaman na nakasalalay sa oras o lokasyon at nagpapahintulot para sa *accessibility* sa pagtuturo. Ang kinalabasan ng pagsusuri na ito ay pinatutunayan ng pahayag ng ilang mga estudyante na positibo ang hatid at dulot ng pagkatuto at pagtuturo na inihanda ng gurong mananaliksik.

Sa isang pag-aaral nina Wolfe & Griffin, (2012) lumabas sa resulta na mataas ang porsyento na natututo ang mga estudyante kung ang isang impormasyon o gawain ay kanilang nakikita sa tulong ng mga makabagong teknolohiya bilang gamit sa pagkatuto sa loob ng paraalan mas tumataas ang interes ng mga estudyante na makinig at mapukaw ang kanilang intensyon. Masasabing ang mga estudyante ay lubos na nagkaroon ng ibayong sikap upang makapagpahayag sa pasulat sa mga paksang nagkaroon sila ng kaalaman sa paksa, paghahanda at higit sa lahat ay ang magaan na oras na inilaan upang makapagpahayag. Angkop na pamamaraan o estratehiya ng mga guro sa pagtuturo sa Filipino ay nararapat na pag-iba-ibahin ang upang sa gayon ang mabilisang pagkatuto ng mga estudyante ay makabuluhan.

Malaki ang ambag nito sa pagtuturo-pagkatuto lalo na ngayon ang pag-aaral ay nasa *online/offline* na gamit, isang epektibong pamaraan upang maihatid ang sentro ng pagkatuto na ang kasanayan ay karaniwan na sa paggamit ng elektronikong kagamitan.

#### 4. Natuklasan

Batay sa isinagawang pananaliksik natuklasan sa pag-aaral na ito na ang mahusay ang mga estudyante sa kasanayan sa pasulat pagkatapos na magkaroon ng integrasyon sa pagtuturo at pagkatuto mula sa na may elektronikong kagamitang linangan at mahihinuhang nakatulong ito sa upang magkaroon ng karagdagang ideya sa pagsasanay sa pasulat at mapadali ang pansariling gamit sa mga angkop at handang angking elektronikong kagamitan. Sa ganitong banda, inaasahan ang pagkatuto ng mga estudyante at madaliang matandaan ang mga araling nakikita at naririnig mula sa paggamit ng mga magagamit tungo sa aralin at mga gawaing tinatamo. Malaki ang ambag ng elektronikong kagamitan dahil mas mapapahusay nito ang gawaing *online/offline* sa pagsusulat at ang karanasan na hinahanapan ng mga paraan kahit anong mga gawaing angkop sa pagkatuto ng mga estudyante. Ang mga pantulong na elektronikong kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto ay naisaayos nang mabuti kahit may kakulangan ay masasabing nakatulong sa pag-angat ng perpormas sa mga gawaing sulatin sa Filipino. Ito ay supplementaryong gabay ay nagsilbing mapadali ang pagtuturo at pagkatuto gamit ang multimidya at elektronikong kagamitan upang sa gayon ay epektibong maunawaan ang mga gawain at kaalaman at handa sa

pakikisangkot sa realidad ng buhay at mga gawaing magpapayaman sa kaalaman at kasanayan.

## 5. Kongklusyon

Batay sa pag-aaral ng mga mananaliksik ay nabigyang halaga ang pagkakaroon ng sapat na kasanayan sa paggamit ng elektronikong kagamitan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at natasa ang kabisaan ng paggamit ng elektronikong kagamitang bilang integratibong pagtuturo tungo sa mataas na anyo ng sulatin sa antas tersyarya. Ang pagnanais ng mananaliksik na matiyak ang laman ng isip at damdamin ng mga estudyante sa paggamit nito sa kasanayang pasulat ang mga sumusunod na rekomendasyon ay ipinahayag.

### 5.1 Rekomendasyon

Batay sa mga resulta ng pagsusuri, nabuo ang sumusunod na rekomendasyon:

- Magkaroon ng mga seminar at worksyap para sa mga guro na magamit ang ginawang integratibong pagtuturo sa mga mag-aaral sa Masining na Pagsulat.
- Magkaroon ng gawaing worksyap at magkaroon ng kamalayan na siyang magbibigay ng sapat na suporta na maisakatuparan ang pagkakaroon ng kagamitang elektroniko gayundin ang multimidya para sa mga pagtuturo ng Filipino partikular na sa kasanayang pasulat.
- Mabigyan ng pagkakataong magamit ng mga estudyante ang mga angkop na teknolohiya sa pagtamo at pagdanas ng malikhaing paraan ng paglinang ng kanilang kakayahang komunikatibo

## 6. Sanngunian:

- Aladwan, F., & Fakhouri, H. (2018). Students attitudes toward blended learning among students of the University of Jordan. *Modern Applied Science*, 12(12), 217 – 227.  
<https://doi.org/10.5539/mas.v12n12p217>
- Azarias, R. A. (2022). Asynchronous learning among industrial-technical students: Input to a framework in the new normal industrial-technical instruction. *International Journal of Research Studies in Education*, 11(6), 79-88. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.178>
- Bouilheres, F., & McDonald, S. (2020). Defining student learning experience through blended learning. *Education and Information Technologies*. <https://doi.org/10.1007/s10639-020-10100-y>
- Charness, N., & Boot, W. R. (2016). Technology, gaming, and social networking. *Handbook of the Psychology of aging* (8th ed.). <https://doi.org/10.1016/B978-0-12-411469-2.00020-0>
- Ching, G. S. (2012). Blog assisted learning: Experiences in learning business english vocabularies. *International Journal of Research Studies in Educational Technology*, 1(1), 3-12.  
<https://doi.org/10.5861/ijrset.2012.v1i1.10>
- Ching, G. S., & Roberts, A. (2020). Evaluating the pedagogy of technology integrated teaching and learning: An overview. *International Journal of Research Studies in Education*, 9(6), 37-50.  
<https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5800>
- Espinosa, K. P. M., & Mangali, G. R. (2021). ScITECH: An approach in teaching Science Technology Society (STS) course in higher education. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(6), 1-8.  
<https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.5075>
- Hornig, J., & Hong, J., et al. (2005). *Creative teachers and creative teaching strategies*.  
<https://doi.org/10.1111/j.1470-6431.2005.00445>
- Ishak, N. A., & Idrus, S. Z., (2021). Exploring digital parenting awareness during covid-19 pandemic Through online teaching and learning from home. *International Journal of Business and Technopreneurship*, 11(3), 37-48.
- Jha, P. K., & Naaz, I. (2021). ICT for pre-service and in-serviceteachers: Implications and challenges. Universal Academic Books Publishers.



- Kovalan, A. (2018). Effects of integrated technology in creative writing. *Asian Journal for Convergence in Technology*, 3(3). Retrieved from <https://asianssr.org/index.php/ajct/article/view/213>
- Kumar, V. (2016). *Integration of multimedia for teaching writing skills*. <https://www.researchgate.net/publication/305811900>
- Madre, R. J. D., & Marbella, F. D. (2021). Mga hamon sa distance learning sa pagtuturo-pagkatuto ng Filipino. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(8), 93-102. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.682>
- Muliasari, D. N. (2010). The internet as an aid in developing writing skills. *Universitas Pendidikan Indonesia*, 4(1).
- Ozmen, H. (2011). Effect of animation enhanced conceptual change texts on 6th grade students' understanding assisted grammar learning tool. <https://doi.org/10.1371/journal.pone.0236862>
- Parente, L., & Solmiano, E. M. (2021). Mag-aaral ay Di' Biro: A phenomenological study on experiences of the students on blended learning amidst COVID-19. *International Journal of Advance Research and Innovative Ideas in Education*. <https://doi.org/10.6084/m9.figshare.13717864.v1>
- Pasternak, D. L., & Caughlan, S. (2014). Teaching English language arts methods in the United States: a review of the research. *Review of Education*, 2(2), 146–185. <https://doi.org/10.1002/rev3.3031>
- Refat, N., & Kassim, H., (2020). Measuring student motivation on the use of a mobile of the particulate nature of matter and transformation during phase changes. *Computer and Education*, 57(1), 1114-1126. <https://doi.org/10.1016/j.compedu.2010.12.004>
- Rotas, E. E., & Cahapay, M. B. (2020). Difficulties in remote learning: Voices of Philippine University students in the wake of COVID-19 crisis. *Asian Journal of Distance Education*, 15(2). <https://eric.ed.gov/?id=EJ1285295>
- Saeed Al-Marouf, R. A., & Al-Emran, M. (2018). Students acceptance of Google Classroom: An exploratory study using PLS-SEM Approach. *International Journal of Emerging Technologies in Learning*, 13(6), 112–123. <https://doi.org/10.3991/ijet.v13i06.8275>
- Sayeski, K., & Kennedy, M. (2015). The efficacy of multimedia modules for teaching basic literacy-related concepts. *Exceptionality*, 23(4), 237–257. <https://doi.org/10.1080/09362835.2015.1064414>
- Schunk, D. H. (1991). Self-efficacy and academic motivation. *Educational Psychologist*, 26(3&4), 201–231.
- Seo, K. T. R., & Pellegrino, D. (2008). Creating a ripple effect: incorporating multimedia-assisted: Project-based learning in teacher education. *Theory into Practice*, 47(3), 259-265. <https://doi.org/10.1080/00405840802154062>
- Stern, J. (2020). *Introduction to online teaching and learning*. Retrived from <https://www.wlac.edu/online/documents/otl.pdf>
- Tongson, M. B. (2018). Teaching styles and language performance: towards a development of an English Language program. In E. P. Gacelo (Ed.), *Principles of teaching* (p. 126). C and E Publishing.
- Trapp, A., Hammond, N., & Bray, D. (1996). Internet and the support of psychology education. *Behavior Research Methods, Instruments & Computers*, 28(2), 174–176. <https://doi.org/10.3758/BF03204759>
- Wang, C. Y., & Ching, G. S. (2013). A study on the relationship of Facebook and EFL learners' personality. *International Journal of Research Studies in Educational Technology*, 2(2), 3-18. <https://doi.org/10.5861/ijrset.2013.434>
- Wolfe, J., & Griffin, J. A. (2012). Comparing technologies for online writing conferences: effects of medium on conversation. *The writing center Journal*, 32(2), 60–92.

